


6 Nurse • Assistant Nurse

Maraming dayuhan ang naninirahan sa prefecture na ito. Sa mga munisipyo at paaralan may ilang tao na maaring mag-interpret, subalit sa mga hospital, halos walang marunong mag-interpret. Maraming tao ang nagkakaroon ng problema sa pakikipag-usap sa doctor dahil sa hindi marunong magsalita ng Nihongo. Kung mayroon nurse na marunong magsalita ng ibang wika, magiging malaking tulong ito sa mga problemadong dayuhan. Kung kayo ay magiging isang nurse, magiging kapaki-pakinabang kayo hindi lamang sa larangan ng kalusugan at medisina, magiging malaking kontribusyon din kayo sa komunidad at isang tulay na mag-uugnay sa inyong bansa at sa bansang Japan.

(Para maging isang nurse (assistant nurse))



< Maagang preparasyon >

Para makapasok sa paaralan ng nursing at assistant nurse, kinakailangan ang mataas na antas ng kaalaman sa Nihongo at talino. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihongo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

< Kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho >

Kung makakapagtapos sa paaralan ng nursing, halos 92% ay makakapagtrabaho sa mga hospital at medical na institusyon.

Ang average na suweldo ng nurse ay 330,000 yen kada buwan. Para naman sa assistant nurse, ang suweldo kada buwan ay 280,000 yen.

< Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)? >

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit 2,400,000 yen (4 taon), sa pribadong universities mahigit 7,000,000 yen (4 taon), Junior College 2,000,000 yen (3 taon), at sa vocational school 2,000,000 yen (3 taon).

At sa mga school para sa assistant nurse, aabutin ng 800,000 yen (2 taon).

< Scholarship >

May ipinagkakaloob na hanggang 600,000 yen na scholarship para sa mga dayuhang na gustong mag-aral ng assistant nurse dito sa Mie. Mayroon ding scholarship para sa lahat na kung saan maaring makahiram ng pera o student loan sa paaralan. Kumpirmahin ang tungkol dito.